REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

# KAPASIYAHAN BILANG 94-133

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG RED FOX TRUCKING SERVICES PARA SA SERBISYO NITO BILANG KONTRATISTA NA HUMAHAKOT NG BASURA SA BAYAN NG MUNTINLUPA (MALIBAN ANG MUNTINLUPA PUBLIC MARKET) AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG MILYON AT ANIM NA DAANG PISO (P1,600,000.00) KADA BUWAN BILANG KABAYARAN SA SERBISYO NITO.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Rey E. Bulay
Kgg. Ernesto A. Carubio
Kgg. Reynaldo A. Abas,Jr.

************************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan bilang bahagi ng pangunahing serbisyo nito ay hinahangad na mapabuti ang kasalukuyang koleksyon sa basura at ang sistemang pagtatapon na karapat-dapat lamang sa Bayan ng Muntinlupa bilang magandang modelo ng buong bansa sa kalinisan at kaayusan;

SAPAGKAT, sa hangaring ito, ang Pamahalaang Bayan ay pumasok sa isang kasunduan sa Red Fox Trucking Services para sa koleksyon at wastong pagtatapon ng mga basura ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Red Fox Trucking Services, alinsunod sa kasunduan ay titiyakin ang kalinisan ng Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng higit na maraming biyahe kung kinakailangan bawat araw sa paghahakot ng basura upang masiguro ang kalinisan at wastong sanitasyon ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang paglalan ng laang gugulin para dito ay alinsunod sa mga gagampanan at pagkakagastusan ng Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay isinasabatas ang Laang-Gugulin Kautusang Bayan na:

LAANG-GUGULIN KAUTUSANG BAYAN BILANG 94-05
(Appropriation Ordinance No. 94-05)

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA:

TALATA I - Ang paglalaan ng laang-gugulin na halagang Isang Milyon at Anim na Daang Piso (P1,600,000.00) kada buwan bilang kabayaran sa serbisyo ng Red Fox Trucking Services bilang kontratista na tagahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa (maliban ang Muntinlupa Public Market);

TALATA II - Ang pagpananatili ng serbisyo ng Red Fox Trucking Service alinsunod sa nilagdaang kasunduan ay sa loob ng anim (6) na buwan. Ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan sa mga susunod na buwan ay muling dadaan sa pagpapatibay ng Sangguniang Bayan;

TALATA III- Ang kasunduan sa Red Fox Trucking Services bilang kontratista na tagahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa ay magkakabisa simula Abril 01, 1994 at matatapos sa Setyembre 30, 1994 at ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan batay sa itinatakda ng Talata II ng Kapasiyang ito kung kinakailangan;

TALATA IV - Ang kapasiyahang ito ay magkakabisa kaagad matapos mapagtibay ng Sangguniang Bayan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-07 ng Abril, 1994 sa Session Hall, People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pansamantalang Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS JR
Kinatawan ng Sektor
Tagapangulo, Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

KGG. ROGER JOHN P. SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO D. NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES P. BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO A. UMALI
Konsehal

Pahina -4-
Kapasiyahan Bilang 94-133

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan